## SA POSITIBO O HINDI MALAMAN ANG RESULTA NG H. PYLORI TEST GAMIT ANG TEST SA IHI (GABAY PARA SA IKALAWANG H. PYLORI TEST)

Sa mga nag-「陽性**Positibo**」ang resulta sa isinagawang H. pylori test na ito, ang ibig sabihin ng diagnosis ay posibleng may H. pylori infection.

Ang test sa ihi ay hindi gaanong mahirap gawin at mataas ang accuracy ngunit may pagkakataong hindi naman pala positibo.

At kapag naman **「判定保留 Hindi malaman」** ang resulta, ang ibig sabihin ay hindi malaman ang tamang resulta marahil dulot ng kondisyon ng ihi.

Dahil dito, ang positibo o hindi malaman ang resulta ay kailangang kumuha ng **ikalawang test (test ng dumi)** para makompirma kung mayroon ba o walang H. pylori infection.

Ang ikalawang test (test ng dumi) ay **hanggang March 31, 2027 lamang**, maaaring magpa-test ng **libre** sa alinmang itinalagang pagamutan na nakasaad sa nakahiwalay na papel, kaya hinihikayat naming na magpa-test para mapangalagaan ang kalusugan ng inyong mga anak.

Magtanong lamang sa pagamutang nakasaad sa nakahiwalay na papel kung mayroon kayong hindi maintindihan.

## Proseso ng Ikalawang test（Test ng dumi）

**≪Ikalawang test Libre≫ Hanggang March 31, 2027**

①Magpakonsulta sa itinalagang pagamutan at pakinggan ang paliwanag at kunin ang stool test kit.

◇Dadalhin：「ピロリ菌検査結果票 H. Pylori Test Result Form」「三泗中学生ピロリ菌二次検査（便検査）申込書 Application form para sa Ikalawang H. Pylori Test ng Mag-aaral ng Junior High school sa Sanshi (Test ng dumi)」

②Kumuha ng sample ng dumi sa bahay, ipasa sa pagamutan.

③Kapag lumabas na ang resulta ng test ng dumi, magpakonsulta sa itinalagang pagamutan at pakinggan ang paliwanag.

**※ Tumawag muna sa telepono bago magtungo sa pagamutan**



**陽性 Positibo**

**Pagtuntong 15 taong gulang pataas, maaari nang kumuha ng H. pylori eradication therapy. (Kung nais・May bayad)**

※Paraan ng gamutan：Iinom ng 3 klase ng gamot tuwing umaga at gabi sa loob ng 7 araw.

Kabayaran：Sariling bayad ang buong halaga

（Hindi sakop ng Health insurance）

May bayad

**Hanggang March 31, 2028**

Pagkatapos inumin ang mga gamot, ite-test uli ang dumi makalipas ang 8 linggo.

Libre

**陰性 Negatibo**

Kunin ang resulta at tapos na.

**【Maaaring tawagan】**

Yokkaichi City Hall

Sentro ng mga Bata at Pamilya

Kalusugan ng ina at bata seksyon 1, seksyon 2

TEL ０５９−３５４−８１８７

FAX ０５９−３５４−８０６１